LALAWIGAN
NG SAN DIEGO

PROGRAMA NG PANGANGALAGA SA WATERSHED

Pag-iwas sa Polusyon sa mga Negosyo ng Sasakyan

Sinusuportahan ng ***Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng County ng San Diego*** ang mga negosyo sa kanilang mga pagsusumikap upang maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay nitong mahalagang Mga Pinakamagandang Kasanayan sa Pamamahala (Best Management Practices, mga BMP) ng Tubig mula sa Malakas na Buhos ng Ulan (Stormwater).

HINDI GINAGAMOT ang tubig na pinakakawalan sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa County ng San Diego bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong ari-arian at makapasok sa mga kalsada o mga storm drain. Tubig ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain. ***Ang mga payo na ito sa pag-iwas sa polusyon para sa iyong negosyo ng sasakyan ay makakatulong para panatilihing malinis ang ating mga daanan ng tubig.***

maaari nating
pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig
sa kaunting
hakbang lang.

Pamamahala ng Likido mula sa Sasakyan

- Itago, pamahalaan, at itapon ang antifreeze, waste oil, at nagamit nang mga solvent nang alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.
- I-drain ang mga likido mula sa sasakyan sa loob o sa mga lugar na natatakpan.
- I-drain ang mga likido sa mga sahig na walang butas tulad ng kongkreto.
- Gumamit ng mga pansahod, mga lalagyan, o iba pang mga paraan ng pag-ipon ng tumulo at natapon.
- Gumamit ng mga pansahod sa mga nakatambak na sasakyan at sa mga alam na tagas.
- I-drain kaagad ang mga likido mula sa hindi umaandar o nakatambak na mga sasakyan upang maiwasan ang mga pagtagas at pagtapon.
- Itabi ang mga likido mula sa sasakyan sa hiwalay, selyado, at hindi tatagas na mga lalagyan.

Paghuhugas ng Sasakyan at Kagamitan

- Kontakin ang iyong lokal na sewer agency para sa impormasyon tungkol sa pag-discharge sa sanitary sewer. Ang mga separator at mga wasterwater recycling system ay may mga espesyal na kinakailangan sa pag-discharge.
- Hugasan ang mga sasakyan sa mga inilaang lugar na malayo sa at hindi napupunta sa mga inlet ng storm drain o mga anyong tubig.
- Gumamit ng spray nozzle o balde para sa paghugas upang makatipid ng tubig at bawasan ang discharge ng tubig.
- Gumamit ng pangkomersyal na pasilidad para sa paghuhugas ng sasakyan (car wash) kung hindi mo matutugunan ang mga pinakamababang pamantayan na inilarawan dito.

mas madami pang tip > > >

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.

HUNYO 2022

Pag-iwas sa Polusyon sa Mga Negosyo ng Sasakyan

Ang direkta o hindi direktang pagpapakawala ng mga pollutant sa storm drain system o mga daanan ng tubig ay paglabag sa Ordinansa sa ng County (Watershed Protection Ordinance, WPO). ***Kinakailangang sumunod ang iyong negosyo sa WPO at sa pinakamababang mga BMP na binanggit sa itaas.***

Paglilinis ng Makina at Parts

- Hugasan lang ang parts sa mga itinalagang lugar sa loob ng mga service bay.
- Linisin ang parts sa mga self-contained na lababo o mga drum unit kapag gumagamit ng mga solvent.
- Araw-araw na inspeksyunin ang mga unit sa paghuhugas ng parts para tingnan kung may mga tagas at gumawa ng mga agarang pagsasaayos.
- I-drain ang parts sa lababo o drum para sa solvent.
- I-recycle ang wastewater mula sa mga aktibidad ng paglilinis gamit ang steam o paghuhugas na gumagamit ng presyon.

Pagsasaayos at Pagpipintura ng Katawan ng Sasakyan

- Gawin ang trabaho sa loob nang may takip. Mag-ingat upang maiwasan ang mga discharge mula sa mga lugar ng trabaho kapag hindi maaaring magtrabaho sa loob.
- Gumamit ng sander na may nakakabit na vacuum system upang makuha ang alikabok sa pinagmumulan nito.
- Magpintura sa aprubado at saradong mga lugar na may mga vacuum hood at mga filter.
- Magtanong sa iyong lokal na fire department, sa Sangay ng Mga Mapanganib na Materyal ng County ng San Diego, at sa Air Pollution Control District para sa karagdagang impormasyon at mga kinakailangan sa permit para sa mga spray booth, coating at mga emission.

Mga Sahig at Sementadong Ibabaw

- Gumamit ng mga tuyong paraan tulad ng pagwawalis o pagva-vacuum upang linisin ang alikabok at mga natirang kalat.
- Gumamit lang ng mga tuyong paraan upang maglinis sa paligid ng mga island na nagdi-dispense ng gasolina.
- Gumamit ng tatlong mop na sistema:

  a. Alisin ang anumang natapon na langis gamit ang hydrophobic (sumisipsip ng langis) na mop at pigain ang langis sa balde na may nakasulat na “Used Oil Only (Nagamit na Langis Lang)” at itapon nang naaalinsunod.

  b. Lampasuhin ang antifreeze gamit ang regular na mop at pigain ang langis sa balde na may nakasulat na “Used Coolant Only (Nagamit na Coolant Lang)” at itapon nang naaalinsunod.

  c. Gumamit ng regular na mop at balde na may detergent bilang panghuling banlaw at itapon ito nang tama. Magtanong sa iyong lokal na sewer agency para sa impormasyon tungkol sa pag-discharge sa sanitary sewer.

Pagsasanay ng mga Tauhan

- Sanayin ang lahat ng empleyado sa mga BMP para sa tubig mula sa malakas na buhos ng ulan, pag-iwas sa polusyon, at paglilinis ng natapon.
- Magpanatili ng mga training record sa site.

Para sa karagdagang impormasyon at iba pang ideya, tanungin ang mga lokal na ahensya, mga newsletter ng samahan sa negosyo, at mga magasin.

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.

Mga Karagdagang Resource

Pag-recover ng nagamit nang langis sa sahig: www.dtsc.ca.gov/PollutionPrevention/VSR/upload/P2_FLY_Mop.pdf
California Green Station Program: www.dtsc.ca.gov/PollutionPrevention/VSR.cfm

HUNYO 2022